Republi
Province of Or
PINAMALAYA

# Office of the Sangguniang Bayan

Paliwanag :

Sa kasalukuyan ang "dengue fever" ay pumuti ng maraming buhay sa ating bansa. Ito pong sakit na ito ay dala ng isang uri ng lamok na tumitira sa mga maruruming kapaligiran lalo na kung may tigil na tubig (stagnant water). Lailangan sa sakit na ito ay prevention sapagkat mahirap itong gamutin kapag nag-umpisa na sa taong tinamaan nito. Ito pong kautusang ito ay makakatulong sa pag-iwas dito.

Ipinasok ni Kagawad Fortunato J. Lozano -

KAUTUSAN BLG. 16-96

PAGSASABATAS NA ISABUHAY NG BAWAT MAMAMAYAN ANG KAWIKAANG "PALIGID KO, LINIS KO" SA MGA BARANGAY NG BAYANG PINAMALAYAN.

Ipinag-uutos ng Sangguniang Bayan ng Pinamalayan, Silangang Mindoro na -

Pangkat I. Isabuhay ng bawat mamamayan ang kahulugan ng kawikaang "PALIGID KO, LINIS KO" sa lahat ng barangay ng bayan ng Pinamalayan;

Pangkat 2. Nararapat na manatiling malinis ang kapaligiran ng bawat tahanan at ang tubig sa kanal ay sikaping patuloy na dumadaloy para hindi makapangitlog ang lamok;

Pangkat 3. Huwag bayaang may mga bote, lata, bao at iba pang bagay na natitigilang ng tubig sa paligid ng tahanan na siyang pinangingitlogan ng lamok na may dalang sakit na "dengue";

Pangkat 4. Ang kanal at rampa ng kalsada sa tapat ng bawat tahanan ay dapat palagiing makili (maili) at pantay and damo at walang nakatimbong pinagtabasan nito;

Pangkat 5. Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay magmumulta ng hindi kukulangin sa Isang Daang Piso (₱100.00) at hindi maman hihigit sa limang daang piso (₱500.00);

Pangkat 6. Ang ordinansang ito ay magkakabisa sampung (10) araw pagkatapos na ito'y pagtibayin.

LUBUSANG PINAGTIBAY ngayong ika-9 ng Setyembre, 1996.

KGG. SUSAN F. COBRADO
Kagawad

KGG. FORTUNATO J. LOZANO
Kagawad

KGG. VIRGILIO C. YUMANG
Kagawad

KGG. QUINTIN S. MARAMOT, JR.
Kagawad

KGG. MARCELITO N. MAPACPAC
Kagawad

Pinatutunayan :

CIPRIANO R. MADRIGAL
Kalihim Bayan

Nagpatotoo :

KGG. ROBERTO A. MORENTE
Pangalawang Punong Bayan

Pinagtibay :

KGG. WILFREDO L. HERNANDEZ, AMA
Punong Bayan